# Batas sa Halalan ng Estado ng New York
## (Alinsunod sa pag-amyenda ng Kabanata 55 ng mga Batas sa 2020)

§ 3-110. Pinapahintulutang oras para sa mga empleyado para bumoto. 1. Kung ang isang rehistradong botante ay walang sapat na oras sa labas ng kanyang mga nakatakdang oras ng trabaho, kung saan maaari siyang makaboto sa araw ng anumang halalan, maaari siyang payagang lumiban sa trabaho nang hanggang dalawang oras nang walang pagkabawas sa sahod para makaboto, basta ang oras ng kanyang pagliban ay idadagdag sa kanyang libreng oras sa labas ng mga oras ng trabaho para magkaroon ng sapat na oras para bumoto.

2. Kung ang isang empleyado ay may apat na magkakasunod na oras alinman sa pagitan ng pagbubukas ng mga botohan at pagsisimula ng kanyang oras ng trabaho, o sa pagitan ng pagtatapos ng kanyang oras ng trabaho at pagsasara ng mga botohan, ituturing siyang may sapat na oras sa labas ng kanyang mga oras ng trabaho para makaboto. Kung mayroon siyang mas mababa sa apat na magkakasunod na oras, maaari siyang payagang lumiban sa trabaho nang may sapat na oras, kapag idinagdag sa kanyang oras ng pagboto sa labas ng kanyang mga oras ng trabaho na magpapahintulot sa kanya na bumoto, pero hindi hihigit sa dalawang oras nang walang pagkabawas sa sahod, sa kondisyon na papayagan lang siyang lumiban para sa pagboto sa pagsisimula o pagtatapos ng kanyang oras ng trabaho, ayon sa maaaring itakda ng employer, maliban kung may ibang napagkasunduan ang parehong panig.

3. Kung kailangan ng empleyado ang pagliban sa trabaho para bumoto, kailangang ipaalam niya ito sa kanyang employer nang hindi hihigit sa sampung araw at hindi bababa sa dalawang araw ng trabaho bago ang araw ng halalan, na siya ay nangangailangang lumiban sa trabaho para bumoto alinsunod sa mga probisyon ng seksyong ito.

4. Kailangang maglagay ang bawat employer ng isang abisong nagsasaad ng mga probisyon ng seksyong ito na malinaw na nakapaskil sa lugar ng trabaho kung saan madali itong makita ng mga empleyado sa kanilang pagpasok o pag-alis sa trabaho ng hindi bababa sa sampung araw ng trabaho bago ang bawat halalan. Kailangang manatiling nakapaskil ang naturang abiso hanggang sa pagsasara ng mga botohan sa araw ng halalan.

# PAALALA SA LAHAT NG EMPLEYADO

## PINAPAHINTULUTANG ORAS PARA SA MGA EMPLEYADO PARA BUMOTO SA ARAW NG HALALAN

N.Y. NAKASAAD SA SEKSYON 3-110[i] NG BATAS SA HALALAN NA:

- **KUNG WALA KANG 4 NA MAGKAKASUNOD NA ORAS PARA BUMOTO, ALINMAN MULA SA PAGBUBUKAS NG MGA BOTOHOHAN HANGGANG SA PAGSISIMULA NG IYONG ORAS NG TRABAHO, O SA PAGITAN NG PAGTATAPOS NG IYONG ORAS NG TRABAHO AT SA PAGSASARA NG MGA BOTOHAN, MAAARI KANG LUMIBAN NANG HANGGANG 2 ORAS, NANG WALANG PAGBAWAS SA SAHOD, PARA BIGYAN KA NG ORAS PARA BUMOTO KUNG ISA KANG REHISTRADONG BOTANTE.**
- **MAAARI KANG PAYAGANG LUMIBAN SA TRABAHO SA PAGSISIMULA O SA PAGTATAPOS NG IYONG ORAS NG TRABAHO, AYON SA MAAARING ITAKDA NG IYONG EMPLOYER, MALIBAN KUNG MAY NAPAGKASUNDUANG IBA ANG PAREHONG PANIG.**
- **DAPAT MONG IPAALAM SA IYONG EMPLOYER NANG HINDI BABABA SA 2 ARAW, PERO HINDI HIHIGIT SA 10 ARAW, BAGO ANG ARAW NG HALALAN NA LILIBAN KA SA TRABAHO PARA BUMOTO.**

Revised 6.23.2025

[i] Mga Employer: Kailangang maglagay ang bawat employer ng isang abisong nagsasaad ng mga probisyon ng batas na malinaw na nakapaskil sa lugar ng trabaho kung saan madali itong makita ng mga empleyado sa kanilang pagpasok o pag-alis sa trabaho ng hindi bababa sa sampung araw ng trabaho bago ang anumang Araw ng Halalan, Kailangang manatiling nakapaskil ang naturang abiso hanggang sa pagsasara ng mga botohan sa Araw ng Halalan.